Gumamit ng Certified Seeds

Ang certified seeds (CS) ay mataas ang kalidad at dumaan sa masusing pagpupuro ng magbibinhi. Ang mga punla o pananim na mula sa certified seeds ay malulusog at may 85% na antas ng pagsibol na tulad ng Registered at Foundation Seeds.

Ang paggamit nito ay nagreresulta ng malulusog na punla na mabilis at pantay-pantay ang paglaki.

Kahalagahan ng Paggagamit ng CS

- ◊ Nakatutulong upang tumaas ng 5-10% ang ani ng palay
- ◊ Ipinapayong bumili lamang ng certified seeds sa tuwing magsasakahan. Gayunman, ligtas pa ring gamitin ang ani sa dalawang magkasunod na panahon kung regular ang pagtatanggal ng mga hindi kauri o lahok sa buong yugto ng pagkakatanim.

Uri ng Binhi	Pinagmulan	Kulay ng tag	Halo sa 500 gramo
Breeder Seed (BS)	mula sa mga institusyong palahian katulad ng IRRI, UPLB at PhilRice	Puti	walang halo
Foundation Seed	mula sa BS at itinatanim ito ng sangay ng PhilRice at mga piling miyembro ng R&D network at SeedNet.	Pula	1-2 halo
Registered Seed	pinararami ng mga miyembro ng SeedNet at mga magbibinhi	Berde	5 halo
Certified Seed	pinararami ng mga akreditadong magbibinhi mula sa RS	Asul	20 halo

Pinaghalawan: Q&A ukol sa Barayti at Binhi, Philippine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice